# Respiratory Syncytial Virus (RSV)

Tacoma-Pierce County Health Department
*Healthy People in Healthy Communities*

**Nagdudulot ang RSV ng sipon at iba pang impeksiyon sa paghinga, tulad ng pulmonya.**

Ang RSV ay maaaring magdulot ng matinding sakit sa mga sanggol, mga nakatatandang nasa edad 75pataas, at mga tao sa lahat ng edad na may mahinang resistensiya at ilang malalang kondisyon.


## Mga sintomas sa mga bata at nakatatanda

- Sipon.
- Ubo.
- Pagbahing.
- Lagnat.
- Paghalak.
- Walang gaanong ganang kumain



## Mga sintomas sa mga sanggol


- Pagkairitable.
- Mahinang kumain/sumuso.
- Hindi pangkaraniwang pagkapagod.
- Ubo o hirap huminga.



## Paano kumakalat ang RSV



Kapag umuubo o bumabahing ang taong may RSV.



Kapag hinawakan mo ang isang ibabaw na may bayrus at pagkatapos ay hinawakan ang iyong mukha.

### Mga katotohanan tungkol sa RSV

- Maaaring makahawa ang isang taong may RSV bago pa lumitaw ang mga sintomas.
- Ang mga bayrus ay maaaring mabuhay sa mga ibabaw nang ilang oras at sa mga kamay nang mahigit sa 30 minuto.
- Ang RSV ay karaniwang kumakalat tuwing taglamig at tagsibol ngunit maaari rin itong mangyari anumang oras.


## Protektahan ang iyong sarili at ang iba

- Hugasan nang madalas ang iyong mga kamay gamit ang sabon at maligamgam na tubig.
- Takpan ang iyong bunganga ng tisyu o ng iyong siko kapag umuubo at bumabahing.
- Linisin at i-sanitize ang maruruming ibabaw.
- Manatili sa bahay kapag may sakit ka.




## Nagbibigay ng pinakamahusay na proteksiyon ang pagbabakuna

- Sa panahon ng pagbubuntis o para sa mga sanggol na wala pang 8 buwan.
- Sa maliliit na bata na may mga partikular na kondisyon na mataas ang panganib.
- Sa mga nakatatandang nasa edad 50-74 taon na may mga partikular na kondisyon na mataas ang panganib.
- Sa mga nakatatandang nasa edad 75 taon pataas.



## Pag-aalaga sa isang taong may RSV

Ang isang taong may RSV ay karaniwang gumagaling sa loob ng 1 o 2 linggo. Magpahinga nang mainam at uminom ng maraming tubig.



Dapat ka bang pumunta sa emergency room, agarang pangangalaga, tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan, o maalagaan sa bahay? Maaari mong gamitin ang mga tanong na ito upang magpasya:

**marybridge.org/for-patients-families/where-to-seek-care**

**Upang matuto nang higit pa, kausapin ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan o bisitahin ang tpchd.org/protect.**

Tagalog | Rev. Aug. 26, 2025